

# Garantiya sa Pagkumpleto ng Pagtatayo

## Kagawaran ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod ng U.S. Commissioner ng Tanggapan ng Pabahay Pederal na Pabahay

Num. 2502-0059 ng Pag-apruba ng OMB  
(Mag-e-expire sa 01/31/2024)

Kailangan ang impormasyong ito para makakuha ng nakaseguro sa HUD na single family na sangla. Tinatantya ang pasanin sa pampublikong pag-uulat para sa koleksyon ng impormasyong ito sa katampatan na 3 minuto bawat tugon, kabilang ang oras sa pagsusuri ng mga tagubilin, paghahanap ng umiiral na mga pinagmumulan ng data, pangangalap at pagpapanatili ng data na kailangan, at pagkumpleto at pagsusuri sa koleksyon ng impormasyon. Hindi maaaring magsagawa o mag-sponsor ang ahensyang ito, at hindi mo kinakailangang tumugon, sa koleksyon ng impormasyon maliban kung nagpapakita ng isang wastong OMB control number ang koleksyon na iyon. Kinokolekta ng HUD ang impormasyong ito upang matukoy ang kakayahang maisegro ng isang sangla sa naka-caption na ari-arian at maaaring gamitin ito upang gumawa ng pangwakas na pagpapasiya kung mayroong umiiral na depekto at kung dapat ayusin ng builder ang depekto.

**Paunawa sa Batas ng Pagkapribado:** Ang Departamento ng Pabahay at Pag-unlad ng Lungsod ng Estados Unidos (United States Department of Housing and Urban Development), ay autorisadong mangalap ng impormasyong hiniling sa form ayon sa Title 12, Code ng Estados Unidos, Seksyon 1701 et seq., at mga regulasyong inihayag sa ilalim nito sa Title 12, Code ng Pederal na mga Regulasyon. Bagama't walang katiyakan ng pagiging kumpidensyal ang ipinangako sa mga tumutugon, karaniwang ibinubunyag ng HUD ang data na ito bilang tugon sa isang kahilingan sa Batas ng Kalayaan sa Impormasyon (Freedom of Information Act) lamang.

Pangalan ng Lender, Address at Numero ng Telepono (Isama ang Area Code)	(Mga) Pangalan ng Bumibili/May-ari
Numero ng Kaso ng FHA/VA	Address ng Ari-arian

Para sa mabuti at mahalagang pagsasaalang-alang, at alinsunod sa Seksyon 801 ng Batas sa Pabahay ng 1954, at Pampublikong Batas 85-857 (38 U.S.C. § 3705), ang lumagda sa ibaba na Taga-garantiya ay ginagarantiyahan sa (mga) Bumibili o (mga) May-ari na tinukoy sa caption na ito, at sa kanyang mga kahalili o paglilipatan, na:

Ang tirahan na matatagpuan sa ari-arian na tinukoy sa caption na ito ay itinayo sa malaking pagsunod sa mga plano at espesipikasyon (kabilang ang anumang mga pagbabago dito, o mga pagbabago at mga pagkakaiba-iba doon). **Na gayunpaman**, sa kondisyon na ilalapat lamang ang garantiya na ito sa mga pagkakataong may malaking hindi pagsunod kung saan ang (mga) Bumibili/(Mga) May-ari o ang (kanilang) mga kahalili o paglilipatan ay dapat magbigay ng nakasulat na abiso sa Taga-garantiya sa anumang oras o beses sa loob ng isang taon mula sa petsa ng orihinal na paghahatid ng titulo sa naturang (mga) Bumibili/(Mga) May-ari o sa petsa ng unang pag-okupa, alinman ang unang mangyari. **Na sa karagdagan**, na sa pagkakataong (1) ang (mga) Bumibili/(Mga) May-ari ay nakakuha ng titulo sa naka-caption na ari-arian bago matapos ang pagtatayo ng tirahan doon, ang naturang abiso ng hindi pagsunod sa Taga-garantiya ay maaaring ibigay anumang oras o beses sa loob ng isang taon mula sa petsa ng pagkumpleto o panimulang pag-okupa sa naturang tirahan, alinman ang unang mangyari, o (2) kung saan kinakailangan na ipagpaliban ang mga pagpapabuti, ang naturang abiso ng hindi pagsunod sa Taga-garantiya tungkol sa mga hindi kumpletong item ay maaaring ibigay sa anumang oras o beses sa loob ng isang taon mula sa petsa ng ganap na pagkumpleto ng bawat isa sa mga naturang item.

Ang terminong "tirahan" gaya ng ginamit dito ay dapat ituring na kasama ang lahat ng mga pagpapabuti o kagamitan na itinakda sa mga plano at mga detalye kung saan ibinatay ng Commissioner ng Pederal na Pabahay o ng Kalihim ng Veterans Affairs ang pagtatasa ng ari-arian, maliban sa mga itinayo ng munisipalidad o iba pang awtoridad ng pamahalaan.

Ginagarantiyahan pa ng lumagda sa ibaba na Taga-garantiya sa (mga) Bumibili/(mga) May-ari o sa (kanilang) mga kahalili o paglilipatan, ang ari-arian laban sa mga depekto sa kagamitan, materyal, o pagkakagawa at mga materyales na ibinibigay o ginawa ng Taga-garantiya o anumang subcontractor o suplayer sa anumang antas na nagresulta sa hindi pagsunod sa mga pamantayan ng kalidad na sinusukat ng mga katanggap-tanggap na kasanayan sa kalakalan. Magpapatuloy ang garantiya na ito sa panahon ng isang taon mula sa petsa ng orihinal na paghahatid ng titulo sa naturang (mga) Bumibili o mula sa petsa ng ganap na pagkumpleto ng bawat isa sa anumang item na nakumpleto pagkatapos ng paghahatid ng titulo. Dapat ayusin ng Taga-garantiya, sa gastos ng Taga-garantiya, ang anumang (mga) depekto ng kagamitan, materyal, o pagkakagawa na ibinigay ng Taga-garantiya. Dapat ibalik ng Taga-garantiya ang anumang trabahong nasira sa pagtupad sa mga tuntunin at kondisyon ng garantiya na ito.

Kung itinayo sa ari-arian na ito ang ginawang (mobile) na tahanan, higit pang ginagarantiyahan ng Taga-garantiya na (1) ang ari-arian (maliban sa ginawang yunit mismo) ay sumusunod sa mga isinuniteng eksibit ng pagtatayo; (2) ang ginawang tahanan ay hindi nagtamo ng nakatagong pinsala sa panahon ng transportasyon at pagtayo; at (3) kung ginawa ang tahanan sa magkahiwalay na mga seksyon, maayos na pinagsama at selyado ang mga seksyon.	Pangalan ng Gumawa, Address at Numero ng Telepono (Isama ang Area Code)
---	---

Ang garantiya na ito ay dapat na karagdagan sa, at hindi sa pagbabawas ng, lahat ng iba pang mga karapatan at pribilehiyo na maaaring mayroon ang naturang (mga) Bumibili/(Mga) May-ari o ang (kanilang) mga kahalili o mga paglilipatan sa ilalim ng anumang iba pang batas o instrumento, at masu-survive sa paghahatid ng titulo, paghahatid ng pagmamay-ari ng ari-arian, o iba pang huling kasunduan na ginawa ng (mga) Bumibili/(Mga) May-ari, at dapat na may bisa sa Taga-garantiya sa kabila ng anumang probisyon sa salungat na nilalaman sa kontrata ng pagbili o iba pang kasulatan na isinagawa ng (Mga) Bumibili/(Mga) May-ari o ng (kanilang) mga kahalili o mga paglilipatan dito o kasabay ng pagpapatupad ng kasunduang ito o bago ang huling kasunduan.

Isinasagawa ang garantiya na ito para sa layuning hikayatin ang Commissioner ng Pederal na Pabahay o ang Kalihim ng Veterans Affairs na gawin, na garantiyahan o iseguro ang sangla sa na-caption na ari-arian, at kumakatawan at nagpapatunay ang taong pumirma para sa Taga-garantiya na awtorisado siya na isagawa ito ng taga-garantiya at sa pamamagitan ng kanyang lagda ang Taga-garantiya ay napapailalim sa mga tuntunin at kondisyon ng nasabing garantiya. May karapatan ang Commissioner ng FHA o ang Kalihim ng Veterans Affairs na gumawa ng pangwakas na pagpapasiya kung may umiiral na depekto at kung aayusin ng builder ang depekto.

Pinapatunayan ng lumagda na Taga-garantiya sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling na ang ari-arian ay itinayo bilang pagsunod sa Minimum na Kinakailangan sa Ari-arian ng HUD at Minimum na Pamantayan sa Ari-arian o Bagong Pagtatayo ng VA o Ipinanukala o mga kinakailangan sa Ilalim ng Pagtatayo.

Taga-garantiya Titulo ng Taga-Garantiya	Pagkilala ng (mga) Bumibili Lagda ng Bumibili	Petsa (mm/dd/yyyy)
Lagda	Petsa (mm/dd/yyyy)	Lagda ng Bumibili Petsa (mm/dd/yyyy)
Pangalan at Address ng Builder	Numero ng Telepono ng Builder (Kasama ang Area Code)	

**Tala ng Bumibili:** Dapat na maihatid ang anumang abiso ng hindi pagsunod sa taga-garantiya sa loob ng panahon o mga panahong itinakda sa itaas.

**Babala:** Ang sinuman na tahasang magsumite ng huwad na claim, o gumawa ng huwad na mga pahayag ay napapailalim sa mga multang kriminal at sibil, kasama ang pagkakakulong ng hanggang 5 taon, mga multa, at sibil na mga parusa. (18 U.S.C. 287. 1001 at 31, U.S.C. 3729)

Magbigay ng mga kumpletong kopya ng garantiya na ito sa parehong bumibili ng tahanan at sa builder, sa pagsasara. Isama ang kopya ng garantiya na ito sa case binder kapag ipinadala sa HUD.